1983

KAUTUSAN BLG. 7

NA NAGBABAWAL SA SINO MANG TAO O MGA TAO NA MAY PAKABIT NA TUBO O GRIPO NA MAGLAGAY NG ANO MANG BAGAY O HARANG SA ILALIM NG KANILANG TUBO UPANG MAPALAKAS ANG KANILANG TUBIG AT MAGBIBIGAY NG MULTA AT PARUSA SA PAG LABAG NITO

SAPAGKAT, NAPAG-ALAMAN ng Punong Bayan, na mayroong mga bagay o bakal na linalagay sa tubo ng tubig sa mga may-ari ng tubo o gripo upang mapalakas ang daloy nito;

SAPAGKAT, maraming mga naninirahan sa bayang ito ang nagririklamo dahil sa kakulangan ng tubig dito sa ating bayan.

SAPAGKAKAT. upang mahadlangan ang paglagay ng tinatawag na "Ilegal Connection" katulad ng mga nabanggit sa itaas nito, Ang Sangguniang Bayan ay nag oorder ng mga sumusunod;

SEKSYON 1. Mahigpit na ipinagbabawal sa sino mang tao o mga tao na maglagay ng ano mang bagay o harang sa kanilang tubo or gripo upang harangin ang pagdaloy ng tubig sa buong bayan at sa gayo'y mapalakas ang kanilang sariling tubig.

SEKSYON 2. Mahigpit ding ipi nagbabawal sa nga ikinauukulan na magkabit ng tubo sa mainline, maliban sa Municipal Pluber ng bayang ito upang maiwasan ang palagay ng ano mang bagay katulad ng mga nabanggit sa itaas;

SEKSYON 3. Ang sino man ang maglabag ng kautusang ito, ay magmumulta ng ₱ 50.00 hanggang ₱ 200.00 at mabibilanggo ng 10 araw hanggang sa 30 araw o' alin man sa pasya gn hukuman.

SEKSYON 4. Kautusan o mga Kautusang salungkat sa kautusang ito, ay pinawawala na ng bisa;

SEKSYON 5. Ang kautusan ito ay magkakaroon ng bisa matapos ito pinagtibay;

PINAGTIBAY NG LAHAT.

Pinagtibay ng lahat kawastohan ng kautusan

EDUARDO A. BURUANGA
Municipal Secretary

/El's 10/16/91